VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

Office of Vital Records

# Ang Bear-y Maaasahang Gabay sa mga Mapagkukunan

## para sa mga Bagong Magulang

*Pag-aalaga sa Iyo at sa Iyong Bagong Munting Cub!*



# Maligayang Pagdating sa Mundo, Little One!

Maraming kailangang matutunan at paghandaan! Ang gabay na ito ay narito upang suportahan ka sa **bear-y** espesyal na panahong ito, at tulungan kang makaramdam ng kumpyansa at maging handa sa pagsisimula ng napakagandang paglalakbay na ito.

## Talaan ng Nilalaman


Pagpaparehistro ng Kapanganakan ..... 02
Katibayan ng Kapanganakan ..... 03
Mga Pangalan ..... 05
Social Security (Seguridad Panlipunan) ..... 07
Mga Panganganak sa Tahanan ..... 08
Mga Detalye ng Pamilya ..... 09
Pag-aampon ..... 10
Surrogacy ..... 11
Limang Nakatutulong na Payo Para sa mga Bagong Magulang ..... 12
Kusang-loob na Pagkilala sa Pagka-ama ..... 13
Suporta para sa Bata ..... 15
Mga Bakuna para sa Bata ..... 16
Itakda ang Iyong Pagbisita Pagkatapos ng Panganganak ..... 17
Newborn Screening Programs (Mga Programa sa Pagsusuri ng Bagong Silang na Sanggol) ..... 18
Newborn Screening (Pagsusuri ng Bagong Silang na Sanggol): Kongenital na Kritikal na Sakit sa Puso (Critical Congenital Heart Disease, CCHD) ..... 18
Newborn Bloodspot Screening (Pagsusuri ng Bloodspot ng Bagong Silang) ..... 19
Maagang Pagtukoy at Interbensyon sa Pandinig ..... 21
Early Childhood Home Visiting (Pagbisita sa Tahanan sa Maagang Pagkabata) ..... 24
Care Connection for Children (Programa ng Ugnayan sa Pangangalaga ng mga Bata) ..... 25
WIC ..... 26
VitalChek ..... 27

# Pagpaparehistro ng Kapanganakan

## Ano ang maaari kong asahan pagkatapos manganak?

Pagkapanganak ng iyong sanggol, hihingi ang mga kawani ng ospital o ang Birth Registrar (Tagapagrehistro ng Kapanganakan) ng mga mahahalagang impormasyon mula sa iyo upang makumpleto ang katibayan ng kapanganakan. Mahalagang magbigay ng tama at tapat na mga detalye upang matiyak na wasto ang katibayan at upang maiwasan ang anumang pagkaantala at problema sa hinaharap.

Naroon ang Birth Registrar upang gabayan ka sa proseso, sagutin ang iyong mga katanungan, at tiyaking maayos na maisasagawa ang lahat. Ang paglalaan ng oras upang maingat na makumpleto ang hakbang na ito ay tumutulong na maprotektahan ang pagkakakilanlan ng iyong anak at matiyak ang akses sa mahahalagang benepisyo mula pa sa simula.



**Narito ang ilang mga katanungan na maaari kang hinging sagutin, kung naaangkop:**

- Ano ang lahi ng ina?
- Ano ang Hispanic na pinagmulan ng ina?
- Ano ang pinakamataas na antas ng edukasyon na natamo ng magulang?
- Nakatanggap ba ng mga benepisyo sa WIC ang ina?

Matapos makalap ang lahat ng impormasyon, ipapadala ng ospital ang mga detalye sa Office of Vital Records (OVR) upang opisyal na mairehistro ang kapanganakan ng iyong sanggol. Ang hakbang na ito ay tumutulong sa pagbuo ng legal na pagkakakilanlan ng iyong anak at tinitiyak ang akses sa mahahalagang serbisyo.

> **“Bear-y”** Mahalagang Maintindihan!
> Para sa karagdagang impormasyon, i-click ang QR Code upang malaman pa ang nasa aming New Parent Resource Page (Pahina ng Mapagkukunan para sa Bagong Magulang).

# Katibayan ng Kapanganakan

## Bakit kinokolekta ang personal na impormasyong ito?

Humihingi ng impormasyong ito ang Pambansang Sentro para sa Estadistika ng Kalusugan (National Center for Health Statistics, NCHS) at ang Office of Vital Records (OVR) upang makatulong sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga magulang at sanggol sa iyong komunidad. Ang tamang mga detalye ay nagbibigay-daan sa kanila upang masubaybayan ang mahahalagang bagay tulad ng mga antas ng kapanganakan at kalusugan ng sanggol, na kalaunan ay tumutulong sa pagbuo ng mas mahusay na mga programa at serbisyong pangkalusugan para sa mga pamilya. Sa pagbabahagi ng impormasyong ito, nakatutulong kang matiyak na ang lahat ay makatatanggap ng pangangalagang kinakailangan nila.

## Anong mga impormasyon ang kasama sa katibayan ng kapanganakan ng aking sanggol?

Ang karaniwang short-form na katibayan ng kapanganakan ay may kasamang sumusunod na mahahalagang detalye:

- Numero ng Tala ng Estado
- Buong Pangalan ng Bata, Petsa ng Kapanganakan, Kasarian, Lugar ng Kapanganakan (Lungsod o Lalawigan)
- Buong Dalagang Pangalan ng Ina/Magulang I, Edad, Estado/Bansa ng Kapanganakan
- Buong Pangalan ng Ama/Magulang II, Estado/Bansa ng Kapanganakan
- Petsa ng Paghahain ng Talaan







## Paano ako makakapag-order ng katibayan ng aking sanggol?

Ang pagkumpleto ng katibayan ng kapanganakan ng iyong sanggol ay mabilis at madali!

Sa ospital, ikaw at ang ama ng bata o kapareha, kung naaangkop, ay maaaring sumuri at lumagda sa katibayan sa paraang elektroniko. Pagkatapos ay ligtas na ipapadala ng ospital ang impormasyon nang direkta sa Office of Vital Records (OVR) para sa sertipikasyon at pagpaparehistro. Sa prosesong ito, maaari kang magbayad online gamit ang debit o credit na kard, at sa karamihan ng mga kaso, kunin ang katibayan sa loob ng ilang araw sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan, DMV, o sa Office of Vital Records sa Richmond. Mayroon ka ring opsyon na hilingin na ipadala ang katibayan nang direkta sa iyo.

Kung ang elektronikong sistema ng ospital ay hindi isang opsyon, huwag mag-alala — maaari kang mag-aplay online o punan ang isang pormularyong papel kasama ang birth registrar. Ang pagbabayad sa pamamagitan ng tseke o money order ay maaaring tanggapin kung pinahihintulutan ng ospital. Kapag naproseso na, ipapadala ng Office of Vital Records ang (mga) sertipikadong kopya nang direkta sa ibinigay na address.

Kapag dumating ang katibayan ng kapanganakan sa pamamagitan ng koreo, hindi ito nakapaloob sa isang sobre. Sa halip, ito ay nasa anyo ng isang pressure-sealed na self-mailer gaya ng makikita sa larawan sa itaas.

I-scan ang QR code na ito para ma-access ang **"Bear-y"** kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa paksang ito!

# Mga Pangalan

### Ano ang "maiden" na pangalan?


Nangangahulugan ito ng iyong buong pangalan sa kapanganakan — o anumang pangalang binago nang legal — maliban sa apelyidong ginamit mo pagkatapos ng kasal Kung wala kang apelyido sa kapanganakan o kung ang iyong bansa ay hindi gumagamit nito, maaari mo itong iwanang blangko.

### Ano ang maaari kong ipangalan sa aking sanggol?

Ang pagpili ng pangalan ng iyong sanggol ay isang **“Bear-y”** mahalagang desisyon. Pinahihintulutan ng Virginia ang anumang pangalan, ngunit hindi tinatanggap ng Ahensiya ng Social Security (Social Security Administration, SSA) ang mga pangalang may espesyal na karakter o accent sa elektronikong pagsusumite. Kung kasama sa pangalan ng inyong sanggol ang mga ito, kakailanganin mong mag-aplay para sa Social Security na kard nang direkta sa SSA.

### Paano kung hindi pa napapangalanan ang aking sanggol bago ako umalis ng ospital?

Hiniling ng OVR sa Birth Registrar na gamitin ang iyong apelyido para sa sanggol at ipadala ang katibayan sa amin. Gayunpaman, mangyaring maunawaan na walang katibayan ng kapanganakan o Social Security na kard ang maaaring ma-order kapag nangyari ito.



### Maaari ba akong gumamit ng higit sa isang apelyido (huling pangalan) para sa aking sanggol?

Malaya kang pumili ng anumang pangalan para sa iyong anak, ngunit makatutulong na isaalang-alang ang iyong sitwasyon — lalo na kung may dalawahang pagkamamamayan, dahil maaaring maging mas kumplikado ang mga usapin sa pasaporte kung hindi kasal ang mga magulang at hindi kinikilala ang pagka-ama.

### Paano ko mababago ang pangalan ng aking sanggol matapos itong maihain sa Vital Records?

Maaari mong baguhin ang unang pangalan at gitnang pangalan ng iyong anak anumang oras sa loob ng kanilang unang taon sa pamamagitan ng pagsusumite ng Affidavit for Correction at pagbabayad ng maliit na bayad. Ang pagbabago ng apelyido pagkatapos ng 30 araw ay nangangailangan ng kautusan ng hukuman (court order) mula sa Circuit Court.



## Piliin ang **Pangalan ng Iyong Sanggol** Bago Ipanganak

| PLANNER PARA SA PANGALAN NG SANGGOL | | | |
|---|---|---|---|
| LALAKI | | BABAE | |
| Unang Pangalan | Gitnang Pangalan | Unang Pangalan | Gitnang Pangalan |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

# Social Security (Seguridad Panlipunan)

## Paano ako hihiling ng numero ng Social Security para sa aking bagong silang?

Makabubuting mag-aplay para sa numero ng Social Security ng iyong sanggol kasabay ng pag-order ng katibayan ng kapanganakan sa ospital. Ipapadala ng Office of Vital Records (OVR) ang iyong kahilingan sa elektronikong paraan sa Social Security Administration (SSA). **Inaasahang matatanggap mo ang Social Security na kard ng iyong sanggol sa koreo sa loob ng 6 na linggo.**

**"Bear-y"** Mahalagang Malaman! Kung ang pangalan ng ina, ama, o sanggol ay may accent mark o espesyal na karakter, hindi tatanggapin ng SSA ang kahilingan. Huwag mag-alala — ang mga pangalang may gitling ay tinatanggap!




## Paano ako hihiling ng Social Security na kard para sa aking bagong sanggol kung hindi ko ito nahiling sa ospital?

Kung nagpasya kang huwag humiling ng kard sa ospital, kakailanganin mong i-order ito mismo sa pamamagitan ng pag-iskedyul ng appointment sa iyong lokal na tanggapan ng SSA upang simulan ang proseso. Tiyaking dalhin ang katibayan ng kapanganakan ng iyong anak!

## Sino ang dapat kong kontakin kung hindi ko natanggap ang kard sa koreo gaya ng inaasahan?

Kung hindi mo pa natatanggap ang Social Security na kard ng iyong sanggol matapos ang karaniwang panahon ng pagproseso, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security. Maaari ka ring tumawag sa 1-800-772-1213 (TTY 1-800-325-0778), Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. Bisitahin ang kanilang website sa SSA.GOV para sa karagdagang impormasyon.

# Mga Panganganak sa Tahanan

## Paano ko ipaparehistro ang kapanganakan ng aking sanggol matapos ang hindi inaasahang panganganak sa tahanan?

Kung ikaw ay manganak sa tahanan sa Virginia, at mailipat sa isang klinika sa pagpapaanak (birthing center), karamihan ay nakahandang tumulong sa iyo sa mga papeles pagkatapos maipanganak ang iyong sanggol. Kung hindi ka naman nailipat, makipag-ugnayan lamang kaagad sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan (local health department). **Ang pagpaparehistro ng iyong sanggol sa loob ng 30 araw ay tinitiyak na ang lahat ay nasa maayos na kondisyon.**

## Kung manganak ako sa tahanan kasama ang isang komadrona o doula, paano nirerehistro ang katibayan ng kapanganakan?

Ang komadrona o doula ang magsisilbing tagapagsertipika (certifier), na magpapatunay na ang iyong sanggol ay isinilang nang buhay. Tinutulungan nilang makumpleto ang katibayan ng kapanganakan gamit ang mga detalye tulad ng pangalan, petsa, at oras, at pagkatapos ay isusumite ito sa lokal na kagawaran ng kalusugan o Office of Vital Records.

## Ano ang proseso upang iparehistro ang kapanganakan ng aking sanggol matapos ang planadong panganganak sa tahanan?

Kung ikaw ay manganak sa tahanan sa Virginia, **dapat mong iparehistro ang kapanganakan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan sa loob ng 30 araw**. Maaaring tumulong ang mga kawani ng ospital kung ikaw ay mailipat kaagad doon pagkatapos ng panganganak. Kung kailangan mo ng karagdagang oras upang iparehistro ang kapanganakan, hihilingan ka na magbigay ng patunay para sa sumusunod:

- Patunay ng Pagbubuntis
- Patunay ng Buhay na Kapanganakan
- Panganganak sa Tahanan - Patunay ng Paninirahan sa Virginia o Patunay ng Kapanganakan sa Ibang Lokasyon sa Loob ng Virginia

Itoay **"Bear-y"** Kinakailangan! Kung hindi mo maibibigay ang dokumentasyong ito, kakailanganin mong humingi ng tulong mula sa isang legal na kinatawan o sa iyong lokal na circuit court.

# Mga Detalye ng Pamilya

### Paano kung ako ay kasal ngunit hindi sa biyolohikal na ama?

Kung ikaw ay kinasal anumang araw sa loob ng 10 buwan bago ang kapanganakan ng iyong sanggol, ang iyong asawa ang legal na itinuturing na ama ayon sa batas sa Virginia. Kung kailangan mo ng tulong sa pagdaragdag ng pangalan ng biyolohikal na ama sa katibayan ng kapanganakan, mangyaring makipag-ugnayan sa Office of Vital Records. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Juvenile and Domestic Relations Court/Circuit Court upang legal na maitatag ang pagka-ama.

### Maaari ko bang idagdag ang pangalan ng ama sa katibayan ng kapanganakan ng aking sanggol sa ospital kung siya ay pumanaw na?

Kung ang ina ay hindi kasal at ang ama ay pumanaw na, hindi maaaring idagdag ang kanyang pangalan sa katibayan ng kapanganakan sa ospital. Para sa mga magulang na hindi kasal, ang isang pormularyo ng Pagkilala sa Pagka-ama (Acknowledgment of Paternity, AOP) ay dapat kumpletuhin sa harap ng ina, ama, at sanggol.

Gayunpaman, kung ang mga magulang ay kasal, maaaring isama ang pangalan ng ama sa katibayan ng kapanganakan.



### Ano ang dapat kong malaman tungkol sa pagpaparehistro ng kapanganakan kung kami ay isang magkaparehong kasarian na magkasintahan (same-sex couple)?

Sa Virginia, ang proseso ng pagpaparehistro ng kapanganakan ay pareho para sa mga kasal na magkaparehong kasarian na magkasintahan at sa mga mag-asawang magkaibang kasarian, kung saan ang dalawang magulang ay karaniwang nakalista sa katibayan ng kapanganakan. Para sa mga hindi kasal na magkaparehong kasarian na magkasintahan, ang pangalan lamang ng nanganak na ina ang lalabas sa katibayan. Upang matiyak na ang katuwang na magulang ay may mga legal na karapatan, maaaring kailanganin ang isang kautusan ng hukuman o pag-aampon ng ikalawang magulang (second-parent adoption).

# Pag-aampon

## Ano ang dapat kong malaman tungkol sa katibayan ng kapanganakan ng aking sanggol kung siya ay aampunin?

Kapag ang isang sanggol ay ipinanganak sa isang ospital sa Virginia, kukunin ng ospital ang impormasyon ng mga biyolohikal na magulang at ipapadala ito sa Office of Vital Records upang gawin ang opisyal na katibayan ng kapanganakan. Ang mga magulang na umampon ay hindi nagrerehistro ng kapanganakan sa panahong ito, at hindi isinasama ang kanilang impormasyon sa ospital. Matapos mapagtibay ang pag-aampon sa hukuman, isang bagong katibayan ng kapanganakan ang gagawin na naglilista sa mga magulang na umampon bilang mga legal na magulang. Ang bagong katibayang ito ang papalit sa orihinal at magiging opisyal na tala ng kapanganakan ng sanggol.

## Ano ang dapat kong malaman kung kami ay mag-aampon ng sanggol kaagad pagkatapos ng kapanganakan?



Kapag pinal na ang pag-aampon, maaaring hilingin ng mga magulang na umampon o ng kanilang abogado ang bagong katibayan ng kapanganakan mula sa Office of Vital Records. Ang na-update na katibayang ito ay magpapakita sa inyo bilang mga legal na magulang ng sanggol.

## Paano kung ang sanggol ay ipinanganak sa labas ng Virginia ngunit ang pag-aampon ay nagaganap sa Virginia?

Kung ang isang sanggol ay **ipinanganak sa labas ng Virginia**, ang Virginia ay **hindi maaaring** mag-isyu ng katibayan ng kapanganakan, kahit na ang pag-aampon ay pinal na rito. Kung ganoon, kakailanganin mong sundin ang **proseso ng estado kung saan ipinanganak ang sanggol** upang humiling ng binagong katibayan. Ngunit, **kung parehong ang kapanganakan at pag-aampon** ay naganap sa Virginia, susundin mo ang proseso ng Virginia sa pamamagitan ng Office of Vital Records upang makuha ang bagong katibayan ng kapanganakan.

> I-scan ang QR code na ito para ma-access ang **"Bear-y"** kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa paksang ito!

# Surrogacy

## Ano ang dapat kong malaman kung gagamit kami ng surrogate para isilang ang aming sanggol?

Sa mga kaso ng surrogacy, ang babaeng nagdadalang-tao sa sanggol (tinatawag na Gestational Carrier) at ang kanyang asawa (kung mayroon man) ang itatala bilang mga magulang ng sanggol sa orihinal na katibayan ng kapanganakan kapag ipinanganak ang sanggol. Bago maitala ang nilalayong magulang o mga magulang sa isang bagong katibayan ng kapanganakan, dapat bitawan ng Gestational Carrier at ng kanyang asawa ang kanilang mga karapatan bilang magulang, alinsunod sa batas ng Virginia.

## Sino ang dapat na itala bilang ina sa katibayan ng kapanganakan?

Kapag sinabi nating "ina" sa katibayan ng kapanganakan, ang tinutukoy natin ay ang taong pisikal na nanganak sa sanggol. Kaya, ipakikita ng katibayan ang impormasyon tungkol sa taong nagsilang sa sanggol. Kung may kasamang surrogate carrier, ang mga detalye lamang ng nanganak na ina ang lalabas sa katibayang ipinadala ng ospital sa OVR. Huwag mag-alala — pagdating nito, ang OVR na ang mamamahala sa anumang kinakailangang pag-update sa aming panig.

I-scan ang QR code na ito para ma-access ang **"Bear-y"** kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa paksang ito!



# Limang Nakatutulong na Payo Para sa mga Bagong Magulang

## 1) Humingi ng Tulong

Mahalaga ang payong ito! Kung ikaw ay nakakaramdam ng labis na pagkalula, huwag matakot na humingi ng tulong. Handang sumuporta ang iyong mga kaibigan at pamilya — maging sa mga gawaing-bahay o sa pagbabantay ng iyong sanggol upang ikaw ay makapagpahinga.

## 2) Matulog Kapag May Pagkakataon

May ilang bagay na maaaring maghintay — ang pahinga ay hindi. Kapag natutulog ang iyong sanggol, magpahinga at matulog upang manumbalik ang lakas.

## 3) Ayusin ang Iyong Impormasyong Pang-emerhensiya

Sa pagkakaroon ng munting bata, dapat na maging handa. I-save ang mahahalagang impormasyon — doktor, ospital, mga allergy, insurance — sa inyong telepono para sa mabilis na akses sa panahon ng emerhensiya.



## 4) Makipag-ugnayan sa Ibang mga Magulang

Maaaring maging mahirap ang yugtong ito. Makipag-ugnayan sa iba pang mga bagong magulang at sa mga may karanasan na para sa payo at suporta. Ang pagkakaroon ng mga taong masasandalan ay nagpapadali at nagpapasaya sa mga bagay-bagay.

## 5) Magtiwala sa Iyong Likas na Udyok (Instinct)

Ikaw ang higit na nakakakilala sa iyong sanggol. Kung may pakiramdam na hindi tama, huwag maghintay — tumawag sa iyong pediatrician para sa kapanatagan ng loob.

# Kusang-loob na Pagkilala sa Pagka-ama

## Anong ID ang kinakailangan ng registrar upang manotaryo ang pormularyo ng boluntaryong pagkilala sa pagka-ama?

Sa Virginia, kailangang magkasundo ang parehong magulang kung sino ang biyolohikal na ama bago kumpletuhin ang pormularyo ng boluntaryong pagkilala sa pagka-ama. Gagabayan ka ng birth registrar sa proseso, ipapaliwanag ang iyong mga karapatan, at titiyaking malinaw ang lahat.

Upang manotaryo ang pormularyo, kakailanganin ng registrar na kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan. Hihilingan kang magpakita ng isa sa mga sumusunod na uri ng ID:

1. Isang pasaporte ng Estados Unidos (United States passport)
2. Isang kard na pasaporte ng Estados Unidos
3. Isang katibayan ng pagkamamamayan ng Estados Unidos
4. Isang katibayan ng naturalisasyon
5. Isang dayuhang pasaporte
6. Isang green card ng Estados Unidos na may litrato
7. Isang lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng estado
8. Isang kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng estado
9. Isang ID ng militar ng Estados Unidos

Ang paghahanda ng iyong ID ay makakatulong para maging mabilis at maayos ang proseso. Mahalaga ang hakbang na ito upang legal na maitatag ang pagka-ama, na maaaring makaapekto sa mga karapatan at benepisyo ng iyong anak. Kung mayroon kang anumang katanungan, ang registrar ay naririyan upang tumulong!

Nais mo bang malaman ang higit pa tungkol sa kusang-loob na pagkilala sa pagka-ama (voluntary paternity establishment) sa Komonwelt ng Virginia?

Virginia Paternity Establishment Program
Add the DAD

**I-SCAN DITO**
para sa karagdagang impormasyon



## Ako ay hindi kasal. Paano ko idaragdag ang pangalan ng ama sa katibayan ng kapanganakan ng aking sanggol?

Kung hindi ka kasal, ikaw at ang biyolohikal na ama ay may opsyon na kumpletuhin ang pormularyo ng boluntaryong Pagkilala sa Pagka-ama (Acknowledgment of Paternity, AOP) bago lumabas sa ospital. Ang birth registrar o nakatalagang kawani ay naririyan upang tulungan kayo sa pagpuno ng pormularyo at ito ay manonotaryo kaagad, na ginagawang mabilis at madali ang proseso. Ang pagkumpleto ng AOP ay nagtatatag ng legal na pagka-ama, na maaaring maging mahalaga para sa mga karapatan bilang magulang at mga benepisyo para sa iyong anak.

Kung hindi mo makumpleto ang AOP bago lumabas ng ospital, huwag mag-alala — maaari mo paring isumite ang pormularyo sa ibang pagkakataon sa Office of Vital Records. Maaari itong gawin nang personal o sa pamamagitan ng koreo, kung alinman ang mas madali para sa iyo. Gayunpaman, pakitandaan na kung idaragdag ang pangalan ng ama pagkatapos lumabas ng ospital, mayroong maliit na bayad sa pagproseso.

Ang maagang pag-asikaso sa AOP ay nakakatulong upang matiyak na protektado ang mga legal na karapatan ng iyong anak at maaaring magpadali sa mga usaping may kaugnayan sa kustodiya, suporta, at mga medikal na desisyon. Hinihikayat ka naming kumpletuhin ang mahalagang hakbang na ito para sa iyong anak.

## Maaari bang baguhin ang pagka-ama pagkatapos itong maitatag?

Oo, sa ilang mga pagkakataon, posibleng bawiin ang pagka-ama at magtatag ng ibang ama. Karaniwan itong nangangailangan ng kautusan ng hukuman at mga legal na proseso, na posibleng kabilang ang pagsusuri ng DNA.

VIRGINIA DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES

DCSE Division of Child Support Enforcement

# Seguruhin ang Kinabukasan ng Iyong Anak – Kasing-dali ng A, B, C!

Makakatulong ang Mga Serbisyong Suporta para sa Bata (Child Support Services) sa iyong anak. Narito ang mga hakbang upang magsimula.



## A. Magparehistro sa Child Support Services

Libu-libong pamilya sa Virginia ang gumagamit na ng aming mga serbisyo — at maaari ka ring sumali!

Parehong mga magulang o tagapangalaga ay maaaring mag-apply. Narito kami upang tumulong.

## B. Pagkilala sa Pagka-ama (Establish Paternity)

Ang pagkilala sa pagka-ama ay tumutulong upang magkaroon ng segurong pangkalusugan ang iyong anak, malaman ang kasaysayang medikal ng pamilya, at makatanggap ng suporta mula sa parehong magulang. Kung hindi kayo kasal noong ipinanganak ang inyong anak, maaaring humingi ng tulong ang alinman sa mga magulang upang kilalanin ang pagka-ama.

## C. Gumawa ng Iyong Online Account

Gamitin ang QR code upang simulan ang iyong ligtas na online na aplikasyon ngayon.

## D. Iba Pang mga Serbisyo

Mayroon kaming mga programa upang tulungan ang mga magulang na nahihirapang suportahan ang kanilang anak sa aspetong pinansyal. Magtanong tungkol sa aming mga Serbisyo sa Pakikilahok ng Pamilya (Family Engagement Services).

**May mga katanungan? Bumisita sa:**
**www.dss.virginia.gov/family/dcse**

Mga Oras:
Lunes hanggang Biyernes
7 a.m. hanggang 6 p.m.

Telepono:
800-468-8894

Email:
askdcse@dss.virginia.gov

# Mga Bakuna sa Pagkabata




Ang mga pagbabakuna ay nakakatulong na maiwasan ang malulubhang sakit gaya ng tigdas (measles). Ang pagtitiyak na updated ang mga bakuna ng iyong anak ay isang maliit na bagay na maari mong gawin upang makagawa ng malaking pagbabago.

## Aling mga bakuna ang kinakailangan ng aking anak?

Makipag-usap sa pediatrician ng iyong anak tungkol sa mga bakunang inirerekomenda para sa iyong anak.

Ang Sentro para sa Pag-iwas at Pagkontrol ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ay nagbibigay ng inirerekomendang iskedyul para sa pinakamainam na oras para mabakunahan ang iyong anak.

## Saan ako makakahanap ng mga libreng bakuna para sa aking pamilya?

Maaaring makakuha ang iyong anak ng mga libreng bakuna sa pamamagitan ng programa ng CDC na Programa ng Bakuna para sa mga Bata (Vaccines for Children, VFC) sa mga opisina ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, mga botika, at mga lokal na kagawaran ng kalusugan na nakatala sa programang VFC.

> Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa mga bakuna sa pagkabata at makahanap ng tagapagbigay ng VFC sa pamamagitan ng pagbisita sa https://www.vdh.virginia.gov/immunization o sa pag-scan ng QR code sa kanan.

# Itakda ang Iyong Pagbisita Pagkatapos Manganak

## Kakapanganak ko lang! Ano na ang Susunod?

Itakda ang iyong pagbisita pagkatapos manganak bago lumabas ng ospital. **Huwag kalimutang pumunta!**

## Bakit Ko Kinakailangan ang Pangangalaga Pagkatapos Manganak?

Ang iyong katawan ay kasalukuyang nagpapagaling mula sa pagbubuntis, pagle-labor, at panganganak. Maaaring talakayin ng isang tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan ang mga agarang babala para sa kalusugan ng ina, anumang suporta para sa kalusugang mental pagkatapos manganak, at mga opsyon para sa birth control.

**Huwag mong kalimutan ang iyong sarili!** Ang iyong kalusugan ay kasinghalaga ng kalusugan ng iyong bagong sanggol.





## Maaari bang Tumulong ang Aking Kagawaran ng Kalusugan?

**Oo!** Makipag-ugnayan sa iyong kagawaran ng kalusugan upang matuto nang higit pa tungkol sa WIC, suporta sa pagbisita sa tahanan, ligtas na pagtulog, edukasyon sa car seat, pagpaplano ng pamilya, mga mapagkukunan ng komunidad, at marami pang iba!

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan.

# Newborn Screening Programs
## (Mga Programa sa Pagsusuri ng mga Bagong Silang na Sanggol)

## Alamin ang mga Resulta ng Newborn Screening ng Iyong Sanggol

### Itanong kung ang mga pagsusuring ito ay naisagawa!

- ✓ Newborn Bloodspot Screening (Pagsusuri ng Bloodspot ng Bagong Silang)
- ✓ Critical Congenital Heart Disease Screening (Pagsusuri para sa Kongenital na Kritikal na Sakit sa Puso)
- ✓ Hearing Screening (Screening sa Pandinig)

# Newborn Screening (Pagsusuri ng Bagong Silang na Sanggol): Kongenital na Kritikal na Sakit sa Puso (Critical Congenital Heart Disease, CCHD)

Critical Congenital Heart Disease Program
V I R G I N I A


### Critical Congenital Heart Disease

Inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics ang pag-screen sa lahat ng bagong silang para sa Critical Congenital Heart Disease (CCHD) pagkalipas ng 24 na oras at bago makalabas ng ospital. Ang pulse oximetry — isang hindi masakit at hindi invasive na pagsusuri na sumusukat sa oxygen sa dugo — ay nakatutulong sa pagtukoy ng mga depekto sa puso sa mga sanggol na walang sintomas. Ang CCHD ay nakaaapekto sa humigit-kumulang 3 sa bawat 1,000 bagong silang, maaaring maging banta sa buhay, at nangangailangan ng paggamot sa loob ng unang taon. Ang maagang pagtuklas ay nagsisiguro ng napapanahong pangangalaga.

### Mga Katotohanan tungkol sa CCHD Newborn Screening

- Ang mga bagong silang na sanggol ay sinusuri para sa CCHD sa humigit-kumulang 24 na oras gamit ang hindi masakit at hindi invasive na pulse oximetry. Ang mga sensor ay inilalagay sa kanang kamay at sa isang paa upang sukatin ang mga antas ng oxygen sa dugo, na nakatutuklas ng mababang oxygen na sanhi ng CCHD — maging sa mga sanggol na walang sintomas.
- Ang mga sanggol na hindi pumasa sa screening ay muling sinusuri at maaaring mangailangan ng karagdagang pagsusuri, gaya ng echocardiogram upang kumpirmahin o pabulaanan ang CCHD.

### Paglalagay ng CCHD Pulse Oximeter:



Inilalagay ang mga pulse oximeter sa kanang kamay at paa upang suriin ang CCHD

# Newborn Bloodspot Screening
## (Pagsusuri ng Bloodspot ng Bagong Silang)

---

**Ang programa ng Virginia Department of Health (VDH) na Newborn Bloodspot Screening (NBS)** ay nagbibigay ng maagang pagtukoy at koordinasyon ng pangangalaga para sa mga sanggol na maaaring nasa panganib ng ilang bihira at posibleng nakamamatay na karamdaman. Ang ilan sa mga sinusuring karamdaman ay maaaring pamilyar: Sickle Cell Anemia at Cystic Fibrosis.

### Paano ito isinasagawa?

- Ang isang simpleng heel stick na isinasagawa 24-48 oras pagkapanganak ang nagbibigay-daan upang mailagay ang mga patak ng dugo sa isang paper card.
- Ang paper card ay ipinapadala sa laboratoryo ng estado para sa screening. Isinasagawa ang screening 7 araw kada linggo, 365 araw kada taon!
- Ang mga resulta ng screening ay ipinapadala sa isang pangkat ng mga nars sa programang NBS.
- Tumatawag ang mga nars ng NBS upang ipaalam ang mga agarang resulta sa mga pediatrician, tagapagbigay ng espesyalisadong pangangalaga, at mga pamilya upang maayos na mapag-ugnay ang pangangalaga at mga pagsusuring diagnostic.





## Mga Karaniwang Tanong:

- Kinakailangan pa ba ang NBS kung naisagawa na ang ibang prenatal at/o genetic na pagsusuri?
    - Oo. Bagama't nakatutulong ang prenatal at/o genetic na pagsusuri, may limitasyon ang mga ito at maaaring hindi matukoy ang parehong mga karamdaman na sinusuri sa pamamagitan ng NBS.
- Paano ko malalaman ang mga resulta ng aking sanggol?
    - Ang pediatrician na nakatala sa screening card ay makatatanggap ng kopya ng mga resulta ng screening. Kung sakaling magpalit ka ng pediatrician sa anumang dahilan, mangyaring hilingin sa iyong bagong pediatrician na makipag-ugnayan sa programang NBS upang hilingin ang mga resulta.

## Itabi ang impormasyon ng NBS ng iyong sanggol!

Ang pag-alam sa resulta ng NBS ng inyong sanggol ay maaaring makagawa ng malaking pagkakaiba sa kanilang kalusugan. Tanungin ang iyong pediatrician tungkol sa mga resulta sa iyong unang pagbisita:

Device ID: ____________ Petsa ng Pagkolekta: ____________

## Mga Tanong?

Ang mga nars ng NBS ay nakatalaga 7 araw kada linggo, 365 araw kada taon upang tumulong! Tumawag sa 804-864-7711 o mag-email sa newborn_screening@vdh.virginia.gov.

I-scan ang QR code upang bisitahin ang website para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang mga mapagkukunan at ang buong listahan ng mga sinusuring karamdaman.

# Early Hearing Detection and Intervention (Maagang Pagtukoy at Interbensyon sa Pandinig)



EHDI VIRGINIA

**Ang Virginia Department of Health (VDH) Maagang Pagtukoy at Interbensyon sa Pandinig ng Virginia (Virginia Early Hearing Detection and Intervention, VA EHDI) na programa** ay nagbibigay ng suporta sa mga pamilya kaugnay ng newborn hearing screening at congenital cytomegalovirus screening (CMV).

## Alam Mo Ba?

- Makalipas lamang ang ilang sandali pagkatapos ipanganak, ang iyong sanggol ay sasailalim ng screening sa pandinig.
- Ang pagkawala ng pandinig ay nakaaapekto sa humigit-kumulang 3 sa bawat 1,000 bagong silang, na siyang pinaka-karaniwang depekto sa kapanganakan.
- Ang mga tainga ng iyong sanggol ay nagsisimulang mabuo sa loob ng humigit-kumulang ika-9 na linggo ng pagbubuntis.
- Nagsisimulang makarinig ang mga sanggol sa ika-18 linggo at tumutugon sa mga tunog sa ika-25 linggo.
- Ang ilang mga sanggol ay maaari ring masuri para sa CMV batay sa kanilang mga resulta ng pagsusuri ng pandinig.
- Ang CMV ay isang karaniwang virus na naipapasa sa pamamagitan ng malapit na pakikisalamuha sa maliliit na bata (edad 1–5) sa pamamagitan ng kanilang laway o ihi.
- Humigit-kumulang 1 sa bawat 3 buntis na may CMV ang naipapasa ang virus sa kanilang hindi pa isinisilang na sanggol.

> I-scan ang QR code upang bisitahin ang EHDI website para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan.

**Ang Virginia Early Hearing Detection and Intervention (VA EHDI) na programa** ay nagrerekomenda na regular na subaybayan ng mga magulang ang pagsasalita at mahahalagang yugto ng pag-unlad ng kanilang anak.

## Alam mo ba na ang pag-unlad ng pagsasalita at pag-unawa sa wika ay nagsisimula na sa kapanganakan?

Anuman ang mga resulta ng pagsusuri ng pandinig ng iyong sanggol, mahalagang regular na subaybayan ang kanyang mga milestone sa pandinig at pagsasalita. Maaaring gumamit ang mga sanggol ng mga pahiwatig na biswal at pandama, kaya minsan ay tila nakaririnig sila sa iyo. Dahil dito, mahalagang subaybayan ang kanilang pag-unlad upang maagap na matukoy ang anumang pagkawala ng pandinig.

Narito ang ilang milestone na magsisilbing gabay sa pagsubaybay sa pag-unlad ng pag-unawa at paggamit ng wika ng iyong sanggol:

**Kapanganakan hanggang 3 Buwang Gulang**

- Tumutugon sa mga biglaang malalakas na tunog (kumukurap o nagugulat)
- Kumakalma at ngumingiti kapag kinakausap
- Gumagawa ng mga simpleng tunog tulad ng “ooh” o “ahh”

**3 hanggang 6 Buwang Gulang**


- Hinahanap ang tunog gamit ang mga mata
- Gumagawa ng iba't ibang tunog, kabilang ang mga tili at hagikgik

**6 hanggang 9 Buwang Gulang**

- Ibinabaling ang ulo patungo sa mga tunog
- Nagba-babble gamit ang mga tunog tulad ng “baba,” “mama,” at “gaga”

**9 hanggang 12 Buwang Gulang**

- Inuulit ang mga simpleng salita at tunog
- Ginagamit ang “mama” at “dada” nang tama



Napakahalaga ng maagang pag-unlad ng pagsasalita at pag-unawa sa wika sa unang ilang taon ng buhay. Kung may alinlangan o alalahanin ka tungkol sa iyong anak, makipag-usap agad sa tagapagbigay ng pangangalaga ng iyong sanggol.




**Ang Virginia Early Hearing Detection and Intervention (VA EHDI) na programa** ay makikipag-ugnayan sa mga pamilya upang ipaalam ang mga resulta ng pagsusuri sa pandinig at congenital Cytomegalovirus (cCMV) screening sa lalong madaling panahon matapos ang paglabas sa ospital.

## Alam mo ba?

- Kung kinakailangan, dapat sumailalim ang iyong anak sa muling hearing screening pagsapit ng edad na 1 buwan
- Kung mayroon, ang pagkawala ng pandinig ay dapat matukoy sa edad na 3 buwan
- Kung kinakailangan, dapat sumailalim ang iyong anak sa confirmatory testing para sa CMV bago ang ika-21 araw ng buhay
- Humigit-kumulang 1 sa bawat 4 na sanggol na isinilang na may cCMV ay magkakaroon ng pagkawala ng pandinig sa kapanganakan o magkakaroon ng pagkawala ng pandinig sa panahon ng mga unang taon ng buhay

Ang VA EHDI, kasama ang iyong pediatrician, ay susuporta at gagabay sa iyo sa bawat hakbang at magpapaabot ng mga susunod na hakbang tungkol sa mga resulta sa pandinig at cCMV ng iyong sanggol sa pamamagitan ng mga text message, mga robo call, at mga tawag sa telepono. Lumikha ang VA EHDI ng MyEHDI, isang parent portal upang mapadali kung paano manatiling may kaalaman ang mga magulang tungkol sa pandinig at kalusugan ng CMV ng kanilang sanggol.

> I-scan ang QR code upang bisitahin ang EHDI website para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan.

# Early Childhood Home Visiting
## (Pagbisita sa Tahanan sa Maagang Pagkabata)

### Hindi Mo Kailangang Harapin Ito Nang Mag-isa – Makakatulong ang Pagbisita sa Tahanan

Libreng suporta para sa iyo at sa iyong sanggol — mula pagbubuntis hanggang sa mga unang taon. Ang bawat bagong magulang ay karapat-dapat sa isang matibay na simula, kasama mo kami sa bawat hakbang!

Ang mga programa ng pagbisita sa tahanan sa Virginia ay nagbibigay ng libre at isinapersonal na suporta para sa mga pamilya sa panahon ng pagbubuntis at sa buong maagang pagkabata. Ang isang tagapagbisita sa tahanan — tulad ng nars, guro, o espesyalista sa suporta sa pamilya — ay pumupunta sa iyo, sa iyong tahanan o saan ka man komportable. Sila ay nakikinig nang walang paghatol, ipinagdiriwang ang iyong mga tagumpay, at tinutulungan kang harapin ang mahihirap na bagay. Maging ikaw man ay unang beses na magulang o nagpapalaki ng iyong pamilya, ang pagbisita sa tahanan ay maaaring magbigay sa iyo ng kumpyansa, mga gamit, at mga mapagkukunang kailangan mo.



Maaaring suportahan ka ng mga tagapagbisita sa tahanan sa mga sumusunod:

- Pag-unawa sa pag-unlad ng iyong sanggol at sa kanyang mga milestone
- Pagpapasuso, pagpapakain, at mga routine sa pagtulog
- Paghahanap ng pabahay, pagkain, o mga pangunahing pangangailangan ng sanggol
- Pag-unawa sa mga tanong tungkol sa insurance o healthcare
- Pamamahala sa stress, pagkabalisa, o mga alalahanin pagkatapos manganak
- Pagkonekta sa pangangalaga ng bata, pagsasanay sa trabaho, o mga serbisyong lokal
- Ang pagkakaroon ng taong maaari mong makausap at nakauunawa sa iyo

Bawat magulang ay nararapat na makatanggap ng suporta. Narito kami kapag handa ka na.

> Handa ka na bang matuto ng karagdagang impormasyon? Magtungo sa www.EarlyImpactVA.org o gamitin ang QR code na ito upang mahanap ang mga programa sa iyong komunidad.

# Care Connection for Children (Programa ng Ugnayan sa Pangangalaga ng mga Bata)

Ang Care Connection for Children ay isang pambuong-estadong network ng mga Centers of Excellence para sa mga Bata at Kabataang may Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan o Children and Youth with Special Health Care Needs (CYSHCN). Pinamumunuan nito ang mga pagsisikap upang mapabuti ang mga espesyal na serbisyong medikal, pag-uugnay ng pangangalaga at mga benepisyo sa insurance, pamamahala ng pondo, pagbibigay ng impormasyon at mga referral, pag-aalok ng suporta sa pamilya, at pagsasanay sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa komunidad tungkol sa mga paksa ng CYSHCN.


> I-scan ang QR code upang bisitahin ang website ng Care Connection for Children para sa karagdagang impormasyon.

## Kwalipikasyon

- Kapanganakan hanggang 21 taong gulang
- Residente ng Virginia

## Pisikal na Kwalipikasyon

- Nangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan o mga serbisyong pansuporta na higit sa karaniwan para sa kanilang edad, kabilang ang mga espesyal na paggamot o akomodasyon sa tahanan o paaralan;
- Nakararanas ng mga limitasyon sa pisikal, kognitibo, emosyonal, o panlipunang pag-unlad kumpara sa kanilang mga kapantay;
- Nakadepende sa mga gamot, espesyal na diyeta, teknolohiyang medikal, mga kagamitang pantulong (assistive devices), o personal na tulong upang mapamahalaan ang mga limitasyong ito at makalahok sa pang-araw-araw na buhay.



# NARITO KAMI UPANG TUMULONG

## Tinutulungan ng WIC ang mga pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

- Isinapersonal na edukasyon sa nutrisyon upang matulungan ang buong pamilya na kumain nang mas maayos
- Suporta sa pagpapasuso sa pamamagitan ng mga eksperto sa lactation, mga klase, mga pangkat ng kapwa magulang, at mga breast pump para sa mga inang nangangailangan
- Mga benepisyo sa pagkain mula sa WIC na maaaring gamitin sa mga pamilihan upang makatulong sa pagbibigay ng tamang pagkain para sa mga pamilya
- Mga tagapamagitan patungo sa mga lokal na organisasyong pangkalusugan at pangkomunidad upang mai-ugnay ang mga pamilya sa mga mapagkukunang kailangan nila

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng WIC o tumawag sa tanggapan ng Virginia WIC sa 1-888-942-3663

VirginiaWIC.com

Ang institusyong ito ay nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat.

Wholesome Informed Choices WIC Virginia Women, Infants & Children





# Maligayang Pagbati sa Lahat ng mga Bagong Ina!

**Ang LexisNexis® Vital Chek®** ay isang mapagkakatiwalaang serbisyo para sa pag-order ng mga katibayan ng kapanganakan at iba pang mahahalagang tala online. Layunin naming gawing simple, mabilis, at walang abalang proseso ang pag-order ng katibayan ng kapanganakan ng iyong sanggol upang makapaglaan ka ng oras sa mga bagay na tunay na mahalaga.

- Simple at ligtas na 24/7 na pag-order online o sa pamamagitan ng telepono
- May serbisyong agarang paghahatid na available sa buong bansa
- May sertipikasyon ng pamahalaan para sa karamihan ng mga opisyal na gamit
- Isang awtorisadong online na tagapagbigay ng serbisyo para sa mahigit 500 ahensiyang nangangasiwa ng mahahalagang tala sa buong Estados Unidos

**Handa Ka na Bang Magsimula?**
I-scan ang QR code upang bisitahin ang VitalChek.com

Ang LexisNexis ay isang rehistradong trademark ng RELX Inc. Ang VitalChek at ang logo ng VitalChek ay mga rehistradong trademark ng LexisNexis Risk Solutions Inc. © 2025 LexisNexis Risk Solutions Inc.

Office of Vital Records
P.O. Box 1000
Richmond VA 23218-1000
804-662-6200
www.vdh.virginia.gov/vital-records/



I-scan ang QR code na ito upang tuklasin ang mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga **"Bear-y"** mahalagang paksa na tampok sa brosyur na ito!